

Featured Article

Kretinismus: Kaliwanagan at ang Wasak na Utak ng Indio¹

Ramon G. Guillermo

Abstract: The Immanuel Kant (1784-1804) and Karl Marx (1818-1883) juxtaposition is adequate one inasmuch as they are the two great thinkers of European Enlightenment (*Aufklärung*). They both envisioned a human future where individuals can think freely for themselves. Despite the fact that they lived several decades apart, they both existed in a period in history when a large portion of humanity was under the rule of European colonialism. It is the aim of this essay to present a rereading of Marx's "1844 Paris Manuscripts" from the standpoint of the subjugated "Indio" and how the Indio's ability to think independently was destroyed and continues to be destroyed.

Keywords: Marx, *Kretinismus*, kaliwanagan, kamalayan

Tampok sa *Ökonomisch-philosophische Manuskripte aus dem Jahre 1844* (*Mga Manuskritong Ekonomiko-Pilosopiko ng 1844*) ni Karl Marx ang kategorya ng "alyenasyon" at konsepto ng "alyenadong paggawa" sa ilalim ng sistemang kapitalista. Pinakamadulas gamitin ni Marx sa partikular na mga tekstong ito ang mga terminong *Entfremdung* at *Entäußerung*.² Ang una ay may salitang ugat na *fremd* na nangangahulugang "banyaga," "dayuhan," "kakaiba," "hindi kilala." Nangangahulugan sa gayon ang *Entfremdung* na ang isang bagay, halimbawa, ang produkto ng paggawa ng isang manggagawa, ay nagiging hiwalay sa kanya, isang bagay na hindi na niya makilala bilang sariling produkto, nagiging pag-aari ng iba. Ang ikalawa naman ay may kaugnayan sa salitang *außen* na nangangahulugan ng

¹ Binasa ang papel na ito bilang susing-pananalita sa symposium tungkol sa *Deutsche Philosophie* na may temang "Reframing Enlightenment in an Alienated World" ng UST Department of Philosophy (12 Nobyembre 2024). Ang dagdag na "Postscript" ay nirebisang bersyon ng reaksyon na binasa sa webinar na "Bisa at Kapangyarihan ng Sariling Wika sa Produksiyon ng Kaalaman" (13 Agosto 2025) sa pagtataguyod ng UP Aliguyon at Tanggol Unang Wika.

² Tingnan Karl Marx, *Ökonomisch-philosophische Manuskripte. Kommentar von Michael Quante* (Berlin: Suhrkamp Verlag, 2009).

© 2026 Ramon G. Guillermo

<https://doi.org/10.25138/19.3.fa>

https://www.kritike.org/journal/special_issue_2026a/guillermo_january2026.pdf

ISSN 1908-7330




12 KRETINISMUS

“labas,” kung kaya’t ang *Entäußerung* ay maaaring mangahulugan ng pagtungo ng dating nasa loob papalabas na tila paglalarawan ng isang proseso ng “eksternalisasyon.” Sinubukan ko nang isalin ito sa ibang mga pagkakataon bilang “pagbuhos ng loob.”³

Karaniwan nang nababanggit sa mga pagtalakay sa akdang ito ni Marx ang “alyenasyon” ng “produkto” (*Produkt*) ng paggawa ng manggagawa sa pakahulugan na nagiging pag-aari ito ng kapitalista, ngunit ang isang aspekto na hindi madalas nabibigyan ng karampatang pansin ay ang konsepto ni Marx na ang “pagkilos” (*Tätigkeit*) mismo ng manggagawa sa proseso ng paggawa ay nahihwalay o nailalayo din sa kanya. Maaaring sabihin sa gayon na, para kay Marx, hindi lamang ang produkto kundi ang proseso mismo ng paglikha ng produkto ay nagiging alyenado.

Maaaring magbigay ng halimbawang pangungusap sa anyo ng isang tanong mula sa manuskrito ni Marx:



Larawan 1: Sulat-kamay ni Karl Marx ng Pangungusap Hinggil sa “Alyenasyon ng Sariling Pagkilos” (International Institute of Social History)⁴

Wenn meine eigne Tätigkeit nicht mir gehört, eine fremde, eine erzwungne Tätigkeit ist, wem gehört sie dann?

(Kung hindi sa akin ang aking sariling pagkilos, isang wala sa loob, isang sapilitang pagkilos, kaninong pagkilos ito sa gayon?)

Subukan nating palalimin pa ang ating salin ng pangungusap na ito. Tinatanong ni Marx dito kung kanino ang pagkilos na ito kung hindi ito sariling pagkilos. Makikita sa pandiwang German na *gehören*, na nangangahulugan ng “pag-aari,” ang isang posibleng interpretasyon. Sinasabi na ang salitang ugat nito ay ang pandiwang *hören* na ang

³ Ramon Guillermo, *Pook at Paninindigan: Kritika ng Pantayong Pananaw* (Lungsod Quezon: UP Press, 2009).

⁴ Karl Marx, *Heft I: Arbeitslohn, Profit des Kapitals, Grundrente, Entfremdete Arbeit, 1844* (Amsterdam: International Institute of Social History, n.d.), <https://access.iisg.amsterdam/universalviewer/#?manifest=https://hdl.handle.net/10622/ARCH00860.A_7?locatt=view:manifes>.

pakahulugan ay “marinig.” Mahihinuha sa gayon na ang bagay na inaari ay isang “bagay” na nakikinig o nakakarinig sa nagmamay-ari rito. Maaari sa gayong tumukoy ito sa alipin o sa hayop na pangtrabaho, tulad ng kalabaw o kabayo, na nakikinig sa kanyang amo o panginoon. Hindi nakikinig ang alipin sa utos ng iba kundi sa kanyang panginoon lamang. Kung ganito ang ating pagpapakahulugan, ang pagkilos ng alipin ay hindi maaaring makinig sa kanyang sariling utos bilang alipin, kundi nakikinig lamang sa utos ng kanyang panginoon. Ang utos na naririnig ay hindi mula sa loob kundi mula sa labas. Lumilitaw sa gayon ang kontradiktoryong kalagayan na ang kanyang sariling pagkilos (*eigne Tätigkeit*) ay hindi niya pala talaga sariling pagkilos. Dapat linawin agad dito na ang paggamit ng mga kategoryang “alipin” (o “tagasunod,” na mas eksaktong salin ng *Knecht* na gamit ni Hegel) at “panginoon” (*Herr*) dito ay umaayon sa higit na pilosopikal na pakahulugang Hegelyano kaysa sa literal o historikal na pagka-alipin.

Maidaragdag pa sa pagpapakahulugan ito ang pangyayari na sa wikang German ay hindi lamang maituturing ang *Tätigkeit* bilang pagkilos ng katawan. Pati ang pagkilos ng isipan ay matatawag na *Denktätigkeit*. Maisasagawa natin sa gayon ang isang maliit na rebisyon sa pangungusap ni Marx:

Wenn meine eigne Denktätigkeit nicht mir gehört, eine fremde, eine erzwungne Denktätigkeit ist, wem gehört sie dann?

(Kung hindi sa akin ang pagkilos ng sariling isipan, isang wala sa loob, isang sapilitang pagkilos, kaninong kaisipan ang kumikilos sa gayon?)

Sa mas malalim na antas, hindi lamang ang pagkilos ng katawan ng alipin ang nakikinig at sumusunod sa utos ng kanyang panginoon kundi pati ang pagkilos ng kanyang kaisipan. Ang kanyang pag-iisip, kasama ang mga pinahihintulatang hangganan ng kanyang pagmumuni-muni, ay nauutusan at natatakdaan. Pero ano ba ang tinutukoy rito na kaisipan? Ayon nga kina Marx at Engels sa kanilang akdang *Deutsche Ideologie (Ideolohiyang German, 1845-46)*, ang “tuwirang anyo ng pag-iral ng kaisipan ay ang wika” (*die unmittelbare Wirklichkeit des Gedankens ist die Sprache*). Para sa kanila ay walang posibleng kaisipan sa labas ng wika.

Dulot nito’y lumilitaw ang ilang interesanteng kumplikasyon sa paglalapat ng pagsusuri ni Marx sa kolonyal na sitwasyon. Kung nakikinig nga ang alipin, o sa pangkasaysayang kaso natin, ang *Indio*, sa kanyang panginoon, paano kaya kung ang wika ng pag-uutos ng panginoong Europeo, halimbawa, ay hindi lamang “wika ng iba” kundi *ibang wika*? Paano

14 KRETINISMUS

makasusunod ang alipin kung hindi siya nakakaunawa ng wikang pang-utos ng panginoon? Paano niya maiintindihan ang mga utos? Sa isang banda, pwedeng magkaroon ng mga tagasalin na nagpapaabot ng mga utos ng panginoon sa wika ng alipin. Tulad ng dati nang pinansin ng historyador na si Zeus Salazar, naging mahalaga ang papel ng mga tagasalin at tagapamagitan na ito sa isang kolonyal na lipunan.⁵ Maaaring maging kalahi ng alipin na kasabwat ng mananakop o kalahi ng mismong panginoon ang mga tagasalin na ito. Ngunit dito ay mas importante tingnan ang mga kalahi ng alipin na nagsisilbing mga tagapamagitan.

May dalawang anyo ng diyalektika ng pagkakakilanlan (*Dialektik der Anerkennung*) sa pakahulugang Hegelyano na makikita rito.⁶ Ang una ay ang makaisang panig (*einseitig*) na pagkakakilanlan na makikita sa ugnayan ng Indio sa kanyang panginoon. Bilang isang purong obheto ng pagsasamantala na nakiking lamang at hindi pinakikinggan ay hindi maaaring maghangad ang Indio, bilang *Indio*, ng pagkakakilanlan mula sa kanyang panginoon. Makaisang-panig ito dahil kinikilala ng Indio ang makapangyarihang kalooban ng panginoon ngunit hindi kinikilala ng panginoon ang kanyang kalooban. Wala siyang loob. Ang ikalawang anyo naman ng pagkakakilanlan ay ang hindi-pantay (*ungleich*) na pagkakakilanlan. Ito ang kapalaran ng mga kalahing tagapamagitan ng Indio at ng ordinaryong Indio mismo kapag natutunan na niyang gamitin ang wika ng pag-uutos ng panginoon. Ang paggamit niya ng wika ng panginoon ay hindi nangangahulugan na nagiging panginoon at taga-utos na rin siya kahit pa posibleng magka-ilusyon siya ng ganito. Sa katunaya'y nangangahulugan ito ng lalo pang pagsasailalim at pagpapasakop sa kanyang sarili. Gayumpaman, tumutubo na rito sa kalooban ng Indio ang masugid na paghahangad na kilalanin siya ng panginoon kahit pa sa paraang hindi pantay. Sapat na ang “kahit kaunting pagtingin.” Paglaon ay tatawagin ng Indiong naghahangad ng pagkakakilanlang ito ang kanyang sariling bilang “Filipino.” Malalim ang pagkakalubog ng binansagang Filipino sa diyalektika ng pagkakakilanlan.

Ngayong naririnig na siya ng panginoon ay naghahangad na rin ang dating Indio, na ngayon ay Filipino, ng pagkakakilanlan mula sa panginoon. Tila ito pa nga ang kanyang nagiging tunay at pinakamataas na katuparan. Ngunit paano matitiyak ng pobrang Indio na maiintindihan siya ng kanyang tinitingala? Tama kaya ang kanyang paggamit sa wika ng panginoon? Natatakot siyang magkamali. Tinatanong niya ang kanyang sarili: “Ganito nga ba ang kanilang pananalita tulad ng pananalita ko ngayon?”; “Narinig ko na bang sinabi nila ang mga sinasabi ko ngayon?”; “Ganito ba ang tamang

⁵ Tingnan Zeus Salazar, “Ang Pantayong Pananaw Bilang Diskursong Pangkabihasnan,” in *Daluyan: Journal ng Wikang Filipino Espesyal na Isyu*, 1 (2015), 55–78.

⁶ Tingnan Georg Wilhelm Friedrich Hegel, *Phänomenologie des Geistes* (Berlin: Suhrkamp Verlag, 1986).

pagbigkas ng salitang ito?"; "Nabasa ko na ba ang ganitong pagwiwika sa kanilang mga sulatin?" Pinakamabisang garantiya ng pagkawasto ang pinakatapat na panggagaya. Sa gayo'y nabubuhay ang Indio, tulad ng sinabi ni Immanuel Kant, sa daigdig ng tuyot na mga "alituntunin at pormula" (*Satzung und Formeln*) sa kanyang pananalita, na ayon nga sa kanya ay mga "panggapos sa mga paa" (*Fußschellen*) para hindi makalakad sa sarili ang kaisipan ng tao.⁷ Sa kasong ito ay mas mahalaga kung tama ang paraan ng pagkakasabi kaysa sa mismong sinasabi. Ang bawat pahayag ng alipin ay hindi sinusukat ayon sa lohika o kahulugan kundi sa katapatan at tagumpay nitong nakamit sa panggagaya sa mga pahayag ng panginoon. Kahit ang posibleng pagbigkas ng Indio ng hindi pa kailanman nasasabi ng kahit sinuman sa wika ng panginoon ay nasa anino pa rin lagi ng lahat ng nasabi na ng panginoong Europeo sa kanyang wika. Higit na deretsahan ang sinabi ng tauhang Simoun sa nobela ni Rizal na *El Filibusterismo* na ang paggamit ng wika ng mananakop ay mangangahulugan lamang ng "pagpatay sa sariling orihinalidad" (*matar vuestra originalidad*) at walang katapusang "pagpapailalim ng iyong kaisipan sa ibang mga utak" (*subordinar vuestros pensamientos á otros cerebros*).⁸

Kahit pa umuwi na sa kanyang pinanggalingan ang kolonyal na panginoon, umaalingawngaw pa rin sa tainga ng Indiong alipin ang wika ng pag-utos bilang wika ng panginoon, sapagkat naitanim na ito sa kanyang kaloob-looban ng mga dantaon ng pandarahas at brutalisasyon. Nanuot na sa kanyang buong isip at katawan ang pagka-alipin. Ang kanyang sariling pagkilos ay nakikinig pa rin sa utos ng iba sa wika ng iba. Kapag inuutusan niya ang kanyang sarili ay tila iba pa rin ang nang-uutos sa kanya. Hindi pa rin nakikinig ang kanyang sariling pagkilos sa kanyang sariling kalooban. Wala pa rin siya sa sarili. Wala sa loob ang kanyang pagkilos. Ang pagkilos na wala sa loob ay pagkilos na wala rin sa isip. Ibig sabihin, hindi talaga pinapagana at sinasanay ng ganitong uri ng pagkilos ang utak. Sinulat nga minsan ng French na pilosoper na si Henri Bergson na, halimbawa, kapag wala sa loob (*demi-volonté*) mong sinara ang isang bintana, nangangahulugan ito na hindi mo talaga pinag-isipan ang aksyong ito, at dahil dito'y madalas na hindi mo rin matiyak (*demi-certitude*) kung talagang sinara mo nga ang bintana o hindi.⁹ Babalikan mo pa tuloy ang bintana para makita kung talagang sarado ito. Sa madaling salita, may awtomatismo sa pagkilos nang wala sa loob. Walang tumitimo. Walang natutunan. Walang lumalalim.

⁷ Immanuel Kant, "Was ist Aufklärung?," in *UTOPIE kreativ*, 159 (January 2004), 5–10, <https://www.rosalux.de/fileadmin/rls_uploads/pdfs/159_kant.pdf>.

⁸ José Rizal, *El filibusterismo: Novela filipina* (Gent: Boekdrukkerij F. Meyer-Van Loo, 1891).

⁹ Tingnan Henri Bergson, *La pensée et le mouvant. Essais et conférences* (Paris: Les Presses Universitaires de France, 1969).

16 KRETINISMUS

Ibang-iba ang sitwasyon kung tayo-tayo ang nag-uusap sa ating sariling mga wika. Magtatanungan tayo: “Tama ba ang aking pananalita?”; “Tama ba ang aking pananagalog, pagbi-Bisaya, pag-i-Ilokano?”; “Wasto ba ang ating pangangatwiran sa ating mga pinag-uusapan sa ating mga wika?”; “Ano-ano na nga ba itong ating mga natutuklasan o naiimbento?”; “Tama at malinaw ba ang ating lohika?”; “Tumpak ba ang ating mga kalkulasyon?” Tayo ang pinakaunang makakasagot sa mga tanong na ito dahil tayo ang nagkakaintindihan. Tiyak na mas may awtoridad pang sumagot sa mga usaping ito ang isang drayber ng jeep kaysa isang Amerikano na may PhD sa isang Ivy League na unibersidad na Ingles lamang ang wikang sinasalita. Bakit tayo nag-aalangan sa ganitong posibilidad? Hindi ba ganito naman ang ginagawa ng ibang mga bansa? Bakit tayo natatakot mag-isip para sa ating mga sarili? Ayaw ba nating magkaroon ng tiwala sa sarili at sa sariling atin? Maaalala muli rito ang panawagan ni Simoun sa *El Fili* na, “imbes na kaisipang nakapailalim sa iba” ay mainam sana na magsulong tayo ng “kaisipang nagsasarili” (*en vez de pensamientos subordinados, pensamientos independientes*) sa pamamagitan ng pagpapayaman at pagpapalawak ng sariling mga wika.

Hindi naman dito sinasabi na wala tayong nagagawa o magagawang makabuluhan o kahit dakila pa nga sa alinmang banyagang wika. Dapat nga ay nag-aaral tayo ng marami pang ibang wika at hindi lamang ang wikang Ingles. Hindi lahat ng nararapat malaman sa daigdig ay nakasulat sa Ingles. Gayumpaman, iba ang ating ugnayan sa wika ng panginoon. Habang hindi natin naiigpawan ang ganitong uri ng ugnayan ay nangangahulugan ito na hindi pa natin nakakamit ang katatagan at tiwala sa sarili na maaaring maging batayan ng higit na malawakang pag-unlad ng sarili nating bansa sa pangmatagalan. Napakalalim ng pagkakatanim sa ating kalooban ng utos ng panginoon na ipinapahayag niya sa kanyang wika. Tulad ng panginoon na hindi nakikinig sa atin ay bingi rin tayo sa ating mga sarili. Hindi tayo nagpapahalaga sa binibigkas natin sa isa’t isa. Hanggang ngayo’y wala pa rin tayong tiwala sa ating sarili.

Halimbawa’y kapag nag-aral tayo ng ibang wika, kahit aling wika pa ito, ang isa sa unang ipapasaulo sa atin ay ang pagbibilang. Ito’y sapagkat walang halos magagawa na pang-araw-araw na aktibidad sa ibang mga bansa kung hindi ka marunong magbilang sa kanilang wika. Ngunit subukan ninyo kahit saan dito sa Pilipinas. Bumili kayo halimbawa ng gamot sa isang drugstore. Sabihin ninyo sa tindero na bibili kayo ng dalawampu’t dalawang piraso ng aspirin. Halos tiyak na uulitin sa iyo ang mga numerong ito sa wikang Ingles. Mangyayari pa rin ito kahit gaanong kalinaw ang iyong pagbigkas ng mga numero. Kikilos lamang ang tindero kapag kinumpirma mong, “Opo, twenty-two pieces nga.” Sinasabi ng iba na mahirap gamitin ang mga numero sa ating wika. Masasabi lamang iyan ng hindi nag-aral

magbilang sa German, French o iba pang mga wika. Marahil ay Ingles lamang ang nalalaman ng may ganyang opinyon. Sapagkat sanayan lang naman talaga ang pagbibilang sa kahit anumang wika. Sa katunaya’y wala namang problema ang mga Indonesian at Malaysian, sa kanilang higit na malaking ekonomiya kumpara sa atin, sa kanilang mga numero na malapit at kahawig ng ating sariling sistema. Sa kasamaang palad ay wala tayong tiwala kahit sa ating sariling mga numero.

Isa pang halimbawa ang mababanggit. Kapag may nag-aaral ng ibang wika, kahit aling wika pa ito, napakahalaga ng pagkakaroon ng diksyunaryo na nagbibigay sa mga salita sa banyagang wika ng katumbas sa wikang kinagisnan ng mag-aaral. Ngunit tila balintuna dito na kapag magtanong tayo kung ano ang ibig sabihin ng isang salita sa Tagalog o alin pa mang wika sa Pilipinas, halimbawa, “pusa,” ang madalas na isasagot ay hindi ang depinisyon ng ganitong uri ng hayop kundi ang kaisa-isang salitang Ingles na “cat.” Tapos nito ay tatango na ang nakarinig at hindi na hihingi ng dagdag pang paliwanag. Tila ipinapakita nito na wala tayong tiwala sa ating sariling salitang “pusa” sapagkat nagkakaroon lamang ng katiyakan at kaliwanagan ang bagay na ito kapag binanggit ang salitang “cat.” Bakit kaya nagsasalin tayo sa Ingles kapag hinihingan tayo ng depinisyon? Malinaw naman na magkaibang gawain ang pagsasalin at pagbibigay-depinisyon. Marahil dahil ipinapalagay natin na titigil na ang paghingi ng depinisyon kapag may nagbanggit ng salitang Ingles. Kapag may nagtanong ng, “Ano ba ito?” Sapat na ang pagsabi ng salitang Ingles para tumigil na ang pagtatanong at para huminto na rin ang pagiging mapagtanong.

Ang pagbibigay ng depinisyon ay isa ring pagtatakda kaya tila mas nababagay rito ang wika ng pag-utos. Ito rin marahil ang dahilan kung bakit ang ating mga batas mismo ay hindi nasa ating mga wika na mas maiintindihan ng nakararami kundi nasa wika ng panginoon. Sa ating palagay ay walang sapat na kapangyarihan ang ating wika para magbigay ng mga depinisyon kahit sa sariling mga salita nito. Hindi nito kayang tumindig sa kanyang sarili. Ang wika natin ay likas na binibigyan ng depinisyon at hindi nagbibigay ng depinisyon. Ang awtoridad nito ay nanggagaling mula sa labas.

Ngunit pundasyon ng lahat-lahat ng syensya ang maingat na pagbubuo ng mga depinisyon tungkol sa mga bagay-bagay sa ating uniberso. Nakapagpapatalas, nakapagsasanay at nakapagpapalinaw ng isipan ang pagbabalangkas ng mga depinisyon. Sa kabilang banda naman, labis na nakakapilay ng utak ng Indio ang ganitong nakasanayang ugali ng pagsasalin sa Ingles imbes ng pagbibigay ng depinisyon. Tagatanggap lamang tayo ng mga depinisyon. Wala tayong lakas ng loob na lumikha ng sariling mga depinisyon. Ang pagbubuo ng depinisyon ay paglikha ng mga

18 KRETINISMUS

daigdig. Hindi tayo makalikha ng sariling mga daigdig. Sa kasamaang palad, wala tayong tiwala kahit sa sarili nating mga salita.

Ginamit ni Marx ang salitang *Kretinismus* sa kanyang akda na ipinapaksa natin ngayon. Hiniram ito mula sa salitang *crétin* na French na nalalaman natin sa Ingles bilang *cretin*. Para kay Marx, ang *Kretinismus* ay bunga, o mas eksakto, produkto ng pagkilos ng tao nang wala sa loob at wala sa sarili, dulot ng pangyayari na ang pagkilos ng isip at katawan ng alipin ay hindi ang kanyang sariling pagkilos kundi pagkilos ng iba. Ito marahil ang pinapatungkulan ni Ferriols sa kanyang sinulat na:

Kung may tao sa aklatan, at sinusubukan niyang mamilosopiya sa isang wika na ibang di hamak sa sinasalita ng mga nagmamaneho ng dyipni, nagwawalis-tingting sa mga kalsada, nagsisilbi sa mga turo-turo, masasabi kaya na ang taong iyon ay gumagalaw sa katotohanan?¹⁰

Ang sinasabi niya ritong “paggalaw sa katotohanan” ay hindi lamang tumutukoy sa pagkilala sa katotohanan ng mga taong nakapaligid sa iyo, ang “katotohanang” tinutukoy rito ay ang pamimilosopiya bilang “pangkaisipang paggalaw” na may loob at may sarili, nasa loob at nasa sarili.

Sa ganang ito, tama nga si Kant na hindi kailanman maglalakas-loob ang tao na mag-isip para sa kanyang sarili, o maging *Selbstdenkende*, kung wala siyang “makatwirang pagpapahalaga sa kanyang sarili” (*einer vernünftigen Schätzung des eigenen Werts*). Gayumpaman, para kay Marx ay hindi lamang ito kwestyon ng “katapangan” o *Mut* sa salita ni Kant, na igiit ang malayang paggamit ng sariling katwiran. Ipinapalagay ni Marx na ang pinakamalaking hadlang sa pagtataguyod ng makatwirang pagpapahalaga na ito ay ang sistemang pamproduksyong umiiral sa lipunan kung saan nagiging mala-makina ang mayorya ng mga tao. Sa madaling salita, istruktural ang suliranin at hindi lamang indibidwal. Sa kasalukuyang halimbawa ay pinalawig pa nga ang pagsusuri ni Marx hinggil sa “alyenasyon” sa sistemang kolonyal.

May dalawahang panig na produksyon na lumilitaw sa proseso ng produksyong alyenado na tuwirang mailalapat sa kontekstong kolonyal. Sa ganitong mga kondisyon, samantalang pinahahalagahan ng alipin ang panginoon ay nawawalan naman ng halaga ang kanyang sarili. Ang produksyon ng halaga ng panginoon ay sabay na produksyon ng kawalang-halaga ng alipin. Samantalang iniaangat ng Indio sa lupalop ng kagandahan

¹⁰ Tingnan Franz Giuseppe F. Cortez, “The Linguistic Turn as a Political Act: Another Look at the Thoughts of Roque Ferriols,” in *Kritike*, 8:1 (2014), 45–77, <<https://doi.org/10.25138/8.1.a.3>>.

ang lahat-lahat ng katangian ng panginoon, ang lahat naman ng sa kanya ay itinuturing na pangit, kulang-kulang, madungis at walang dangal. Ang produksyon ng kagandahan ng panginoon ay sabay na produksyon ng kapangitan ng alipin. Samantalang sumusulog ang pagkasibilisado ng panginoon ay nalulugmok naman sa barbarismo ang alipin. Ang produksyon ng sibilisasyon ng panginoon ay sabay na produksyon ng barbarismo ng alipin. Samantalang umu-oo siya sa panginoon ay hinihindian naman niya ang kanyang sarili. Samantalang umuunlad ang talino ng panginoon, nabubulok naman ang kaisipan ng Indio at nalulugmok sa *Kretinismus*. Ito ang dahilan kung bakit minsan nang sinabi ni Rizal na habang ipinagdiriwang sa Kanluran ang progreso at Kaliwanagan ay binubulag, pinupundi at pinadidilim naman dito ang milyon-milyong mga utak ng mga kabataan. Samantalang umuunlad ang *Geist* o kaisipan ng panginoong mananakop, ang *Geist*, ang mismong utak ng *Indio* ay nawawasak (*ein ruiniertes Geist*). Ang produksyon ng katalinuhan sa isang banda ay ang sabay na produksyon ng kabobohan sa kabilang banda.

Kitang-kita ang dalawahang-panig na produksyon na ito sa kaso ng ating mga wika na ipinapalagay ng marami sa atin, kumpara sa dakilang mga wika ng ating mga panginoong Europeo, bilang mababa, walang dangal, kulang-kulang, pangit, barbariko at mga wika ng mga bobo at hindi edukado. May mga naniniwala pa nga na hindi nababagay ang mga wika natin para sa matayog na pag-iisip tulad ng pamimilosopiya. Hindi ito wikang Griyego. Hindi ito karapat-dapat. Kung ganito ang naging pag-iisip ng mga German noong ika-18 dantaon ay hindi magkakaroon ng *Deutsche Philosophie*, hindi lilitaw ang mga Kant, Fichte, Schelling, Hegel, Marx at Nietzsche (si Leibniz mismo ay sa mga wikang Latin lamang at French nagsulat). Kaya kung babalikan natin ang tanong ni Kant, “Was ist Aufklärung?” (Ano ang Kaliwanagan?), ang masasabi lamang natin ay hindi pa mahahanap ng Indio ang kanyang sariling Kaliwanagan hanggang hindi niya ito mabibigkas sa kanyang sariling mga salita.

Sinikap na ito dating gawin ni Andres Bonifacio sa kanyang sanaysay na “Ang Dapat Mabatid ng mga Tagalog” (1896).¹¹ Doon ay hinikayat niya tayo na “imulat” at “idilat” ang ating “bulag na kaisipan.” Kapansin-pansin dito ang dalawang salitang “mulat” at “dilat” na kapwa tumutukoy sa pagbukas ng mata upang makatanggap ito ng liwanag. Bagama’t hindi niya noon ipinag-iba ang dalawang ito ay masasabing nagtataglay ng higit na panloob at pangkamalayan na pakahulugan ang salitang “mulat” samantalang ang “dilat” ay mas nahihinggil na sa panlabas o pisikal na pagbukas ng mata. Kapansin-pansin na sa wikang German at iba pang mga

¹¹ Jim Richardson, *The Light of Liberty. Documents and Studies on the Katipunan, 1892-1897* (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2013).

20 KRETINISMUS

wikang Europeo ay walang alinmang espesyal na pandiwa para lamang sa pagbubukas ng mata. Inalay ni Bonifacio ang kanyang buhay at panulat para mamulat ang Inangbayan ngunit magpahanggang ngayon ay kapos pa rin ang pagpapahalaga ng mga Pilipino sa kanyang mga salita. *Hindi pa rin natin siya naririnig.*

POSTSCRIPT

Pinag-iisipan ko kung bakit, kahit marunong naman akong mag-Ingles ay hindi ako mapakali sa laging paggamit ng Ingles sa lahat ng pagkakataon? Bakit kaya hindi ako makuntento sa wikang Ingles na lamang bilang wikang panturo, wika ng pag-iisip, at wika ng talastasan dito sa atin? Mayroon namang nakukuntento at kumportable rito dito sa atin. Parang naisipan ko ang sagot sa aking pagkabalisa nang may nagsabi sa akin ng pariralang, “Nagkaalaman na!” Natural, madalas patawa ang pagsabi nito na may kinalaman sa pagbubunyag ng mga sinisikreto. Ngunit nakapag-isip-isip ako sa ibig sabihin nito. Ano ang ibig sabihin ng “ka-alaman” dito? Katulad ng salitang “kaalamán,” may mga panlapi itong “ka-” sa unahan at “-an” sa hulihan pero iba ang paraan ng pagkakabigkas at iba rin ang ibig sabihin ng parehong mga panlapi. Sinasabing ang salitang ugat ng nalalaman nating karaniwang salitang “kaalaman” ay mula sa “alam” ng Bahasa Melayu na mula naman sa Arabic na nagangahulugang “daigdig,” “uniberso” o “kalikasan” na rin. Ang mas kilala nating anyo ng “kaalamán” ay tumutukoy sa abstraktong ideya ng pagkakabatid sa pangkalahatan o hinggil sa pagkakaroon ng impormasyon.

Kaugnay ngunit naiiba ang ibig sabihin nito sa “kaalaman” sa pariralang “nagkaalaman na.” Ang mga panlaping “ka- ... -an” dito ay pumapatungkol sa mga taong nagpapalitan ng bagay na tinutukoy ng salitang ugat (i.e., kaalamán). Malinaw ito sa mga sumusunod na halimbawa:

Kabiruan (Nagpapalitan ng mga biro);

Kasulatan (Nagpapalitan ng mga sulat);

Kaibigan (Nagpapalitan ng pag-ibig).

Ano sa gayon ang “kaalaman” sa salitang “nagkaalaman”? Tila nangangahulugan ang “nag-kaalaman” na may nalaman ang mga nagkaalaman na naging kaalaman na ng lahat ng mga sangkot sa naturang pagkakaalaman. May mga pagpapalitan o resiprokalidad ng pagpapalitan ng kaalaman na nangyayari (kahit pa madalas ay iisa lamang ang pinanggalingan ng bagay na nalaman). Interesante ang ganitong ideya dahil ipinapakita nito na mahalaga sa “kaalamán” ang “pagkakaalaman” sa

resiprokal nitong anyo. Halimbawa nito’y kapag may nagsabi na, “Ilabas na natin ang ating mga hinanakit nang sa gayo’y magkaalaman na tayo.”

Hindi umiiral, sa ganitong paraan, ang kaalamán sa mga magkakahiwalay at magkakabukod lamang na mga kamalayan. Pagbabahaginan ito. Samakatwid, upang maging ganap na kaalamán ay dapat nagkakaalaman ang mga magkakaugnay at nagpapalitang mga kamalayan. Dito nagiging mahalaga ang wika. Kapag tinanggap natin na magkakaugnay ang kaalamán at ka-alam-an, magiging napakahalaga ng wika ng pagkaka-alam-an sa mismong kaalamán. Lumilitaw na ang wika ng kaalamán ay ang wika rin ng pag-aalam-an. Kinakailangan ang wikang pangmadla, na laging may kolektibong katangian, sa pagkaka-alam-an ng kaalamán. Kapag wala o mahina ang batayang pangwika sa pagitan ng dalawa o higit pang tao, hindi mapag-aalaman-an ng bawat isa ang pinapatungkulang kaalamán.

Sinasalungguhitan dito na hindi unidireksyonal ang transmisyong ng kaalamán sa pag-aalam-an. Ang pag-aalam-an ay pagpapalitang kaalamán sa dalawa o higit pang direksyon. Dulot nito’y nagkakahugis ang kaalamán sa proseso ng pagpapalitang-kaalaman. Hindi isahang-bigkas o “monolohikal” ang kaalaman sa ganitong paglalarawan. Hindi rin ito nangangahulugan na walang mga tunggalian o salungatan sa pagpapalitang ito. Sa katunaya’y bahagi mismo ng proseso ng “pag-aalam” ng bawat isa ang tunggalian at tagisan pa nga ng mga “nag-aalaman.” Hindi ito nagsisimula sa ganap na kaisahan at hindi rin nagtatapos sa ganap na kaisahan.

Lumilitaw sa gayon ang problema kapag ang wika na ginagamit sa transmisyong ng kaalamán ay isang wikang hindi gamay ng mga nagpapalitang-kaalaman. Hindi nabubuo rito ang dalawahang-bigkas o “diyalohikal” na katangian ng kaalamán. Ang maaaring mailipat sa umaalam sa ganitong kaso ay ang kaalamáng hindi nabigyang hugis ng isang orihinal at masalimuot na proseso ng pag-aalam-an. Samakatwid, kung may kaalamán man na maililipat, isa itong monolohikal na ugnayan, na pagsasaulo, o pagsasaibang-ulo, lamang ng nasa ulo na ng iba. Nananatiling kaalamán ng iba ang kanyang nalalaman at hindi nagiging kanyang sariling kaalamán.

Magkabilaang-panig ang nabubuonang ka-mangmang-an sa ganitong paraan. Ganito ang nangyayari kapag isang hindi gagap na wikang banyaga ang ginagamit sa paglipat ng kabatiran o impormasyon ng dalawa o higit pang tao. Parehong hindi nagiging kanila ang kaalamán sapagkat hindi ito nabigyang hugis ng pag-aalam-an sa wika ng pag-alam. Nawawasak ang mabisang ugnayang guro at mag-aaral sa paggamit ng hindi gagap na wikang banyaga bilang wikang panturo. Ang pag-aalam ay hindi pagsasaulo ng kaalamang nanggaling sa ulo ng ibang tao.

22 KRETINISMUS

Sa mas maliit na antas, masasabing nagkakaalaman tayo sa isang pamayanan ng kaalaman. Sa komunidad na ito nagkakahugis ang mga kaalaman sa kanilang pagkakaunawaan at pagtatagisan. Dito tumutubo ang mga kaalaman ng ating komunidad. Ito ang dahilan kung bakit napakalahaga ng wika, at kung ano ang ginagamit nating wika, sa pag-unlad ng ating mga kaalamán. Ang ka-alam-an ay isang pamayanan na binubuo natin at ng ating mga kapwa “ka-alam.”

*Center for International Studies
Unibersidad ng Pilipinas Diliman
Quezon City, The Philippines*

References

- Bergson, Henri, *La pensée et le mouvant. Essais et conférences* (Paris: Les Presses Universitaires de France, 1969).
- Cortez, Franz Giuseppe F., “The Linguistic Turn as a Political Act: Another Look at the Thoughts of Roque Ferriols,” in *Kritike*, 8:1 (2014), 45–77, <<https://doi.org/10.25138/8.1.a.3>>.
- Guillermo, Ramon, *Pook at Paninindigan: Kritika ng Pantayong Pananaw* (Lungsod Quezon: UP Press, 2009).
- Hegel, Georg Wilhelm Friedrich, *Phänomenologie des Geistes* (Berlin: Suhrkamp Verlag, 1986).
- Kant, Immanuel, “Was ist Aufklärung?,” in *UTOPIE kreativ*, 159 (January 2004), 5–10, <https://www.rosalux.de/fileadmin/rls_uploads/pdfs/159_kant.pdf>.
- Marx, Karl, *Ökonomisch-philosophische Manuskripte. Kommentar von Michael Quante* (Berlin: Suhrkamp Verlag, 2009).
- _____, *Heft I: Arbeitslohn, Profit des Kapitals, Grundrente, Entfremdete Arbeit, 1844* (Amsterdam: International Institute of Social History, n.d.), <https://access.iisg.amsterdam/universalviewer/#?manifest=https://hdl.handle.net/10622/ARCH00860.A_7?locatt=view:manifest>.
- Richardson, Jim, *The Light of Liberty. Documents and Studies on the Katipunan, 1892-1897* (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2013).
- Rizal, José, *El filibusterismo: Novela filipina* (Gent: Boekdrukkerij F. Meyer-Van Loo, 1891).
- Salazar, Zeus, “Ang Pantayong Pananaw Bilang Diskursong Pangkabihasnan,” in *Daluyan: Journal ng Wikang Filipino Espesyal na Isyu*, 1 (2015), 55–78.